IKALABINGTATLONG KONGRESO NG REPUBLIKA )
NG PILIPINAS )
*Unang Regular na Sesyon* )

'04 AUG 17 P3:10

RECEIVED BY:

SENADO

S. No. 1727

Panukala ni Senador Manuel "Lito" M. Lapid

## PALIWANAG

Ang Proklamasayon bilang 1041 na nagpapahayag ng taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa, ay isang napakahalagang deklarasyon na dapat pagtibayin ng isang permanenteng batas.

Ang pambansang wika ay isang matibay na haligi ng salinlahi at mayamang kultura ng Pilipinas. Ito ay magpapatibay ng pagkakaisa ng bansa na siyang magiging daan tungo sa kaunlaran.

Ang buwan ng Agosto na hinihirang sa panukalang ito na buwan ng Wikang Pambansa ay siya ring buwan ng kaarawan ni Pangulong Manuel L. Quezon na tinuring ama ng Wikang Pambansa.

Sa pamamagitan ng panukalang ito, lalo pa nating mapapayabong ang pagbibigay halaga sa ating katutubong salita. Hinihimok dito ang bawat paaralan at pampublikong tanggapan na makiisa sa pagbibigay dangal at pagpapalaganap ng paggamit ng wikang Pambansa ng Pilipinas. Ang Komisyon sa Wikang Filipino ay maaatasan ding magdaos ng isang malawakang pagdiriwang sa bawat lalawigan upang lalong maging matibay ang pagbibigay halaga sa Wikang Pambansa.

Umaasa po ang kinatawang ito na mabibigyang kaukulang pansin ng Senado ang isang mahalagang panukalang magbubuklod-buklod sa bawat Pilipino.

**MANUEL "LITO" M. LAPID**
Senador

IKALABINGTATLONG KONGRESO NG REPUBLIKA )
NG PILIPINAS )
*Unang Regular na Sesyon* )

SENATE OF THE PHILIPPINES
OFFICE OF THE SECRETARY
RECEIVED
DATE: 17 AUG 2004
TIME: 3:10 PM
BY: 
BILLS & INDEX

SENADO

S. B. 1727

Panukala ni Senador Manuel "Lito" M. Lapid

**PANUKALA**
**PARA PAGTIBAYIN ANG DEKLARASYON NG BUWAN NG AGOSTO NG BAWAT TAON BILANG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA**

*Isinasabatas ng Senado at ng mga Representante ng Kongreso ng Pilipinas:*

**SEKSYON 1. Deklarasyon**. – Ang Buwan ng Agosto bawat taon ay inihahayag bilang "Buwan ng Wikang Pambansa".

**SEKSYON 2 – Pagpapatupad**. -Upang ang pagpapatupad ng Buwan ng Wikang Pambansa ay maging makabuluhan at sadyang napakahalaga, lahat ng institusyong pang edukasyon at pampublikong tanggapan sa buong bansa ay inaatasan na magbigay ng kanilang suporta sa selebrasyon sa pamamagitan ng pagsasagawa ng kani-kanilang aktibidades na may lubhang partisipasyon mula sa lahat ng mag-aaral at manggagawa. Ang Komisyon ng Wikang Filipino ang siyang mangunguna sa pangangasiwa ng magkasabay na pagdiriwang sa lahat ng lalawigan, sa anumang araw ng ika-lawang Linggo ng Agosto taon-taon bilang pagpapatupad ng Buwan ng Wikang Pambansa.

**SEKSYON 3. – Sugnay ng Pagpapawalang Bisa.** – Lahat ng batas, proklamasyon, kautusan at alituntunin o bahagi nito na hindi sumasangayon sa mga probisyon ng panukalang ito ay dinedeklarang walang bisa o nagbago na.

**SEKSYON 4.** ***Sugnay ng Pagsasakatuparan.*** – Ang Panukalang ito ay magkakabisa Labinglimang (15) araw magmula sa pagkakalathala nito sa hindi kukulang sa dalawang (2) pahayagan na may laganap na sirkulasyon sa bansa.

*Pinagtibay,*